## Paano kung mag positibo ako sa Hepatitis B?

Ang doktor ay pwedeng mag reseta ng mga gamot para mapigilan ang viral replication at mabawasan ang chance na mag-develop ito ng long-term liver damage.

Kung iinom ng supplement maliban sa gamot, importanteng tanungin ang doktor tungkol dito para hindi magka-problema sa liver o sa gamot na nireseta.

## Pwede bang matanggal sa trabaho o eskwelahan ang isang taong may Hepatitis?

HINDI.

## Paano makakaiwas sa Hepatitis?

Ang Hepatitis A at B ay maiiwasan sa tulong ng epektibo at safe na bakuna. Wala mang bakuna laban sa Hepatitis C, pero ang pagkalat nito ay pwedeng maiwasan kapag wala tayong contact sa infected blood/body fluids.

Hindi man common, pero posible pa ring magkaroon ang isang tao ng multiple types ng hepatitis nang sabay-sabay.


## May mga websites ba akong pwedeng bisitahin para sa iba pang impormasyon tungkol sa Hepatitis B o mga liver diseases?

**MERON. BISITAHIN LAMANG ANG:**
https://www.facebook.com/BeAwarePH/
https://hsp.org.ph/
https://phlivered.hsp.org.ph

Pwede din kaming i-contact sa **hepatology2006@gmail.com** kung kayo ay may karagdagang katanungan.

For more information on Hepatitis B or liver diseases, you can visit the following sites or contact us at **hepatology2006@gmail.com**

https://www.facebook.com/BeAwarePH/
https://hsp.org.ph/
https://phlivered.hsp.org.ph



# ALAM MO BA?

Kada 30 segundo, merong isang taong **namamatay** dahil sa **VIRAL HEPATITIS**-related illness.

Narito pa ang mga dapat mong malaman:

HEPATOLOGY SOCIETY OF THE PHILIPPINES
HEP CAN'T WAIT!
World Hepatitis Day

# ANO ANG VIRAL HEPATITIS?

Ang Hepatitis ay isang condition na dulot ng pamamaga ng liver o atay. Madalas dulot ito ng isang viral infection.

## Bakit isang global health problem ang hepatitis?

Sa kada 30 segundo, merong isang taong namamatay dahil sa viral hepatitis-related illness.

Noong 2015, nakapagtala ang World Health Organization (WHO) ng 257 million na may chronic Hepatitis B infections sa buong mundo. Nagresulta ito sa 887,000 deaths.

Kinoconsider ang Pilipinas na highly endemic para Hepatitis B infection. Noong 2017, 9.7% ng populasyon o 10 million na Pilipino ang may chronic Hepatitis B. Ito ang pinaka-common cause ng end-stage liver disease at Hepatocellular carcinoma (HCC).

## Ilan ang klase ng Hepatitis viruses?

Merong limang (5) klase ng hepatitis viruses na kilala sa tawag na types A, B, C, D at E. Ang limang klase na ito ay ang greatest concern due to burden of illness and death. Mayroon din silang potential para sa outbreaks at epidemic spread.

# ANO ANG PAGKAKAIBA NG HEPATITIS A, HEPATITIS B, AT HEPATITIS C?

Ang Hepatitis A infection ay galing sa pagkain ng contaminated food or drink. Kadalasan nagagamot ito ng walang specific treatment. Isa itong acute infection. Ibig sabihin, hindi ito long-term infection.

Ang Hepatitis B at Hepatitis C ay galing sa infected blood/body fluids. Pwede itong magsimula bilang acute infection, pero may ilan ring kaso na ang virus ay nananatili sa katawan, kaya nagkakaroon ng lifelong infection na pwedeng maging sanhi ng complications sa liver tulad ng cirrhosis (liver failure) at liver cancer (tumor of the liver).

## Sino ang pwedeng magkaroon ng hepatitis?

Kahit sino pwedeng magkaroon ng Hepatitis, pero mas at risk ang mga tao at komunidad na hindi naaabot ng ating mga health systems. Pero dahil sa mga available prevention, testing, at treatment services, lahat ng hepatitis-related deaths ay pwedeng maiwasan.

Pwedeng mahawa ng Hepatitis B ang sinuman na may contact sa dugo ng isang taong may sakit nito. Karamihan sa mga taong pinanganak sa Pilipinas at ibang bansa sa Asia na may Hepatitis B ay nahawa noong sila ay sanggol o bata pa lang. Ang Hepatitis B ay pwedeng maipasa ng isang infected mother sa kanyang sanggol pagkapanganak. Pwede ring maipasa sa mga bata mula sa ibang miyembro ng pamilya.

# NAKAKAHAWA BA ANG PAGGAMIT NG MGA BAGAY NG ISANG TAONG MAY HAPATITIS?

Hindi. Hindi ito nakukuha sa paggamit ng parehas na utensils na ginagamit ng isang taong may sakit na ito. Hindi ito naipapasa sa breastfeeding, pagyakap, paghalik, pag holding hands, pag-ubo, o pagbahing.

Bukod sa panganganak, naipapasa rin ito through medical, surgical, o dental procedures, pagta-tattoo, o sa razors at iba pang gamit na contaminated ng infected blood.

## Paano malalaman kung ikaw may Hepatitis B?

Mag-undergo ng Hepatitis B test. Isa itong simpleng blood test. Hindi ito karaniwang nirerequest ng doctor kaya't importanteng magkusa para makakuha ng test na ito.

Ang pagkuha ng Hepatitis test ay mabisang paraan para protektahan ang sarili at mga kasama sa bahay. Rekomendado ito sa mga buntis.

Ang mga miyembro ng pamilya ay dapat ding magpa vaccine para maprotektahan laban sa Hepatitis B.